Presidential Communications Operations Office

Presidential News Desk

TALK TO THE PEOPLE OF

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE

ON CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19)

[08 March 2021]

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: Magandang gabi po sa inyo mga kababayan.

We have a Cabinet meeting here. Cluster ito ibig sabihin hindi lahat. Iyong may kaalaman lang dito sa COVID-19.

We have to discuss this topic because it is not only the hottest news around town --- ang importante kasi dito malaman ng tao. The right of the people to know and to know correctly. Iyan ang ano --- gusto ko malaman ng tao na hindi dapat paglaruan itong batas kasi kung maglaro ka dito, malilito ang tao at iyan ang aming iniiwasan.

So we'd begin with the topic masagot ko para iyong nagdadalawang-isip dahil sa bakuna maliwanagan ninyo.

I'd like to request the Secretary si Roque to read the pertinent laws, iyong batas that controls the process of a vaccine before it's used to the public. Secretary Roque, kindly enlighten us of the law. I think you were the author?

PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE: Opo. Yes, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Pakisabi na lang sa publiko.

SEC. ROQUE: Mr. President, I am reading Section 34 po of the Universal Health Care Law. "The Health Technology Assessment (HTA) process shall be institutionalized as a fair and transparent priority setting mechanism that shall be recommendatory to the DOH and PhilHealth for the development of policies and programs, regulation, and the determination of a range of

entitlements such as drugs, medicines, pharmaceutical products, and other devices, procedures and services as provided for under this Act.

Provided, that investments on any health technology or development of any benefit package by the DOH and PhilHealth shall be based upon positive recommendations of the HTA.

Provided further, that despite having undergone the HTA process, all health technology intervention or benefit package shall be subjected to periodic review.

Provided furthermore, that the Health Technology Assessment may be --- may have substantial impact on the initial coverage decision by the DOH or PhilHealth.

And provided finally, that the HTA process shall adhere to the principles of ethical soundness, inclusiveness and preferential regard for the underserved, evidence-based and scientific defensibility, transparency, accountability and efficiency, enforceability and availability of remedies, and due process."

PRESIDENT DUTERTE: I know that you are reading the correct law. Puwede mong --- kagaya ko iyong Tagalog na dahan-dahan lang doon sa bago ma-final phase ng bakuna.

SEC. ROQUE: Opo.

PRESIDENT DUTERTE: Iyong recommendatory power nila.

SEC. ROQUE: Magkakaroon daw po tayo ng Health Technology Assessment na magiging patas at transparent na mekanismo na magiging recommendatory po sa DOH. At ito po ay para sa mga polisiya at mga programa, mga regulasyon, at saka iyong mga ibibigay na mga gamot, medisina, pharmaceutical product at iba pang mga devices, procedure at serbisyo sa ating mga kababayan.

PRESIDENT DUTERTE: Okay now, I'd like to address myself to Secretary Duque. Sir, are you aware of this law?

DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III: Yes, sir. Iyon pong legal ng DOH has emphasized the provision after what was read na recommendatory po sa DOH and PhilHealth.

Nakalagay po kasi dito "provided that investments", so kung gagastos po ang gobyerno "on any health technology or development of any benefit package by the DOH and PhilHealth shall be based on the positive recommendations of the HTA."

PRESIDENT DUTERTE: Recommendatory power.

SEC. DUQUE: Recommendatory na kailangan daw ho may "positive recommendation before any investments on any health technology" which means including "drugs, medicines, vaccines or development of any benefit package by the DOH and PhilHealth shall be based on the positive recommendations of the HTA."

Ang sabi po ng legal namin, absent this positive recommendation, the government cannot spend money on this technology or development of any benefit package by the DOH and PhilHealth. Iyon pong investment on any health technology, it is a technical definition to include mga pharmaceutical products, mga devices including vaccines, drugs and medicines.

Ito po iyong kanila pong interpretation na sabi nila sa akin hindi puwedeng gumastos ang gobyerno hanggat walang positive recommendation ang HTAC. Iyon po 'yong sinasabi nila sa akin ng mga abugado ng departamento, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Yes because I have here a copy also. At best you may or you may not seek --- get the recommendation. Is that within your discretion?

SEC. DUQUE: It's a bit difficult, Mr. President, kasi "investments on any health technology, development of any package by DOH and PhilHealth…" cannot --- shall be based --- *[Nako nawala pa]* shall be based on the positive recommendation of the HTA --- based on the positive recommendation of the HTA.

PRESIDENT DUTERTE: So madaling sabi, recommendatory lang?

SEC. DUQUE: Yes, sir.

PRESIDENT DUTERTE: It is not binding on you per se. Tama?

SEC. DUQUE: Iyon ho kasing pagkasabi sa akin, sir, kaya nga iyon pong sa pagbili po natin ng Sinovac, they needed to give their positive recommendation, which they did. And that's why we paid for it --- we will be paying for it based on the supply agreement with Sinovac, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Ang HTAC nagbigay ng recommendation?

SEC. DUQUE: Yes, sir.

PRESIDENT DUTERTE: So madaling sabi, the statement of the Vice President was baseless for there was indeed a recommendation?

SEC. DUQUE: Yes, sir. It was recommended, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Iyan ho ang sinabi ko eh. Kasi ang unang lumabas na statement was just a simple "na sana sinunod 'yong proseso." Iyon ang statement ni Robredo. Na alam ko na kayo --- kayo mismo sa Task Force sinabi ko cut the red tape and come up with something that is good and do it with --- do it fast.

SEC. DUQUE: Yes, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Ang statement niya "sana nasunod ang proseso." Alam mo abugado man kaming dalawa, a misplaced comma could change the meaning of everything. Ganoon iyan.

So iyong sinabi niya na hindi --- "sana sinunod iyong proseso," magbibigay siya ng bakokang sa ulo ng tao na sinabi ni Bise Presidente, eh Bise Presidente siya eh. "Sana papabakuna ako kaya lang eh may sinabi na hindi nasunod 'yong proseso."

It turns out that at best nakuha nila iyong recommendation. There was a recommendation.

SEC. DUQUE: Yes, sir.

PRESIDENT DUTERTE: So hindi totoo iyong wala?

SEC. DUQUE: Hindi ho kailangan ng recommendation, sir, for the donation kasi nakalagay dito "investment" wala naman tayong ininvest. Donated iyon eh.

So EUA lang po, iyong Emergency Use Authorization lang po ang kinailangan, which binigay naman po ng FDA based on your EO 121.

PRESIDENT DUTERTE: Yes. Kaya nga ang sinasabi ko 'yong statement na 'yon ang dating sa mga tao medyo ma --- iyong ma --- eh Vice President siya eh. Sumusunod na, "Eh wala pa lang proseso ito." So ang magbigay ng ano 'yan sa isip ng tao.

Now, iyong statement niya na hindi niya dinagdagan basta ang una niyang statement: "Sana sinunod 'yong proseso." Ang pangalawang --- ang batas nagsabi na mag-recommendatory gesture lang sila. Hindi talaga kailangan kasi kung wala namang recommendation, hiningi --- hindi mo naman hingiin, eh 'di wala. But it turned out now that there was really a recommendation.

Now, ang sabi ko na ang ginawa niyang disservice to the people is noong sinabi niya hindi niya sinabi na recommendatory. Baka akala niya lahat ng proseso recommendatory.

Lahat na lang nang gawain natin dito maghanap siya ng… Hindi niya binasa ang batas na recommendatory lang ang HTAC. If the opinion is sought by the secretary of Justice and by other in the medical profession in government.

Ngayon, we were fighting because time was of the essence. We were fighting against the tide of non-believers na huwag kayong matakot, ganito. Now, here comes the statement na hindi niya --- hindi niya binasa kumpleto ang batas, with just a simple statement, magke-create ka ng doubt.

And we were doing everything convincing, spending most of our time convincing the people that it is safe. Ang bakuna is safe.

Now, if you create that uncertainty in the minds of the people mas maraming ayaw. So… Ito 'yong, "HTA process shall be institutionalized as far

as transparent priority setting mechanism that it shall be recommendatory to the DOH and PhilHealth."

Wala namang humingi ng ano. If there is no issue about --- kasi nga donated 'yon, nakabalot na. And ganito, binigyan na ang bakuna ng EUA, use of emergency authority. Imbis na magtulong tuloy to convince the people, here she comes and making it appear that government has failed in its mandate of securing…

Kaya nga doon ako hindi ako… Ma'am, hindi ako napikon. Hindi ako mapikon kay hindi ko sarili ito. Ang akin medyo galit ako for coming with a half-truth na basahin mo kalahati lang, iyong recommendatory power lang na hindi na kinuha dahil hindi na nga kailangan kasi donated iyon eh at saka binigyan ng authority ng FDA.

Alam mo mga kababayan, isa sa pinakaimportante talaga is maniwala kayo sa gobyerno. At huwag lang basta-basta --- sinabi ko nga sa inyo noon eh, dito kayo makinig sa gobyerno kasi 'yon ang trabaho namin. Pinapag-aralan muna at bago gagamitin.

So iyong imbis makatulong si Vice President, she muddled up everything. Thereby, I said, creating an uncertainty and doubt in the minds of the people. So 'yon ang nagalitan ko because we were running against time, kailangan mabakuna na agad.

Alam mo kung binigay ito ni Secretary Duque, another proseso na ilang buwan na naman 'yan at kaharap ko 'yong gabi na 'yon ang bakuna na binababa sa eroplano ng military plane ng China. So anong gawain ko? Hindi ko na… Kaya kinabukasan tusok na, turok na kaagad. Sa awa ng Diyos, wala namang namatay at karamihan okay na.

May iba na just headache, slight fever. Iyon lang naman pero that's part of the territory of the effects of the bakuna. Nandiyan talaga 'yan kasi it's a foreign matter, pagka foreign matter ipasok mo sa katawan ng tao, magkaroon talaga ng reaksyon.

So I hope that next time kung wala naman siyang masabi na tama, she just would maybe shut up. Siguraduhin niya muna o hindi magbasa siya, siya mismo. Ikaw, ma'am, ang magbasa and take notes of the important or salient points of the law. Otherwise, I said, a misplaced comma could change the meaning of everything.

Iyan ho. Hindi ako napikon. Nagalit ako sa iyo. Kasi sabi ko ano bang klase ito? Eh nauubos na natin 'yong panahon na to convince ang tao and ito naman na hindi nakumpleto 'yong proseso. So 'yong tao gumaganoon. Iyon ang iniiwasan natin kaya nga pagdating diretso na kaagad. The day the --- on the eve, kinabukasan turok na nang turok and it has helped our country.

Now, there is a rise of COVID cases. Ito ngayon, wala ka na kasali, ma'am. I hope that you would understand what I'm talking about.

Dito tayo sa pagtaas ng COVID in the Metro Manila area, especially Manila, and what advice can we give to the people so that they will be at least put on notice. Alam mo maraming namatay, marami rin ang may sakit. Ang pinakamataas ngayon Metro --- ang Manila, Manila mismo.

Ngayon, anong dahilan nito? Well, 'yong hindi maniwala sa social distancing, hindi naman naniniwala sa personal hygiene. Ang hinihingi lang naman ng mga doktor eh, ang sinasabi ng doktor para sa iyo, kapakanan mo, is maghugas ka ng kamay, mag --- cover yourself with a mask, clean your hands and 'wag 'yong --- kung wala kang face mask, kung maggalaw-galaw ka, 'wag mong paabutin 'yang kamay mo sa kung ano-anong bagay.

Or if you have to hang on something, if you have to hold or touch something even if it is inanimate, maski na 'yong walang buhay, kahoy, furniture, bantay kayo diyan kay 'yong umupo diyan, sa restaurant ang umupo diyan mayroon, may naiwan. And 'yong mag-ubo sa publiko.

Bantay kayo niyan. That's why social distancing, it's because if you think the other guy on your right side is coughing heavily, might as well just go away, move yourself a little bit farther.

Parang ganoon ang --- wala ng ibang solusyon eh. It's always the mask, the washing of the hands at social distancing. Hindi naman kailangan na magpalayo ka kaagad. But if you think that somebody is coughing even if it's --- even if it's just an ordinary cold, maski ordinaryong ubo, to be on the safe side, you go a little bit farther.

Social distancing means to say umiwas ka. Then mask importante 'yan. Mask importante talaga. Mabilis makuha mo pagka eh humihinga ka. And maghugas ka ng kamay o kaya magbili ka ng maraming alcohol. Hindi naman --- isang --- dalawang drops lang, patay na ang germs diyan. It's not so expensive and it's not something which is consumable sa madaling panahon.

Put your trust on the advice of government people, especially if coming from the Secretary of Health.

At iyong galing sa mga salita ni... You know, ako pati si Secretary Roque, wala --- maghanap ako ng... Hinahanap ko ang isang dokumento na magsabi kayo mag-deny or magsinungaling. Wala. Wala sa trabaho namin.

Hinahanap ko 'yong batas. There is nothing at all which says that we have to lie na mag --- hindi kami magsasabi ng totoo. Ngayon, si Secretary Roque, kung ano 'yong lumalabas sa bunganga niya, binabayaran ninyo ang sweldo niya.

Eh pinag-aaralan niya 'yong trabaho niya kagaya ni Secretary Duque. Tapos hanapan mo lang ng mali, kung ano-anong mali, na 'yong mali naman hindi naman importante, hindi ganoon kaimportante at hinahabol natin 'yong isipan ng tao about the benefits of...

Iyong magsabi ka hindi sinunod ang prose --- sana hindi --- sana sinunod ang proseso or something like that. Hindi sinunod. Eh lagyan mo ng bakokang sa ulo, ayaw na pabakuna. Then you…

You know, you put everything in shambles along your way with your statement. Remember that you are the Vice President. Now, is there --- is there any law or in your oath of office which says that you have to lie?

You are dwelling on half-truths, kalahati-kalahati lang ang sentence. Ganito 'yan. Sabihin mo, "patayin," period. Lagyan mong "patayin ka," "patayin mo" o "sampalin mo" o "bugbugin mo." *[garbled]* bugbog. Ang iyo ganoon eh.

Huwag kang magkuha ng medisina palabas niyan kung wala 'yong proseso. The proseso that you are --- nandito oh Section 34. “The investment on any health technology or development for any benefit package by the DOH and PhilHealth shall be based on the positive recommendation of the...”

Ito nakabalot na. Nag-submit na ng FDA. Ang FDA lang. Itong sinasabi mong proseso kung mga bagong medisina 'yan, doon nila ipadaan. Pero ito, donated 'to. Madaling sabi, ginagamit na nila sa China. So I hope we can understand each other.

Iyon ang mali mo. Hindi ako pikon. Galit ako. Iyong galit ko hindi naman galit na galit na talagang gustong pumatay ng tao. Galit na more of an irritation. Iyong nairita ako sa binibitawan mong salita. Hindi ako galit. Galit in the sense na iyong parang nairita nga.

Itong... "Ay anak ng jueteng naman eh. Bakit ba naman sabihin kong ano?" Ayon. That was the reaction. So hindi ako... Walang pikunan dito at hindi ako mapikon. Hindi ko ito personal.

Iyong mga taong maniwala sa iyo ayaw magpabakuna, eh 'di bahala sila. Hindi ako mapikon sa kanila. Eh naniwala kayo --- naniwala kayo sa kanya --- kay Vice President, eh that is your own lookout.

You would like to read a report if there is any? Updating lang. I-update lang kayo.

SEC. DUQUE: Yes, sir. Magandang gabi po, Ginoong Pangulo, at aking pong mga kasama sa Inter-Agency Task Force, at sa Gabinete.

Dalawa po ang bahagi ng akin pong ulat ngayong gabi. Ang una po ang usual COVID-19 situationer at ang pangalawa po ay ang updates on biosurveillance.

[Can we have the first slide?]

Ito po 'yong mga pangunahin mensahe, Mr. President, para po sa ating mga kababayan. Unang-una, may patuloy na pagtaas po ng mga kaso sa mga Regions IV-A, Region III, ang Central Visayas or Region VII, at ang lalong-lalo na po partikular ang NCR na kung saan po nagpakita nang mataas na two-week growth rate.

Ang ibig pong sabihin nito ay nagkaroon po nang mataas na bilang ng kaso ng COVID ngayong kasalukuyang dalawang linggo kumpara po noong ikatlo hanggang ika-apat na linggong nakaraan.

At sa NCR po ay ang critical risk ang Pasay City at ang Malabon City. Samantalang sa high risk level po ang Navotas, Makati and San Juan cities. May anim na pong mga rehiyon na nasa moderate risk modification.

Ang pangalawa pong mensahe natin, iyon pong habang tumataas ang mga kaso sa mga naturang mga lugar ay sinisiguro naman po natin na sapat po ang kapasidad ng atin pong sistemang pangkalusugan at kung saan man may mga kakulangan ay handa naman po tayong magpalawig ng kanila pong kapasidad.

Ang Region VII and CAR ay sa kasalukuyan may pinakamataas na health care utilization rate at 48 and 47 percent, respectively. Pero maigi lang, Mr. President, nasa low risk classification pa rin po ang dalawang regions na ito.

Ang high risk areas other than the region, ang Makati City and Davao Occidental po ay high risk ang kanilang health care utilization rate. Samantalang moderate risk areas ang mga sumusunod: Lapu-Lapu City, Ormoc City, Nueva Vizcaya, Santiago City, Ifugao, Mandaue City, Mandaluyong City and
Cebu province.

At habang patuloy pong binubuksan natin ang malaking bahagi ng ekonomiya at pagtukoy po ng mga tinatawag nating mga variants of concern, ito po 'yong UK variant at saka po 'yong South African variant, ay pinulong po natin ang mga National Capital Region mayors noong Sabado ng gabi at dito po pinaalalahanan po natin sila na paigtingin po ang kanilang pagsasakatuparan ng prevention, detection, aggressive isolation and treatment response para po maputol ang kadena ng hawaan at madurog ang mga pagkumpol-kumpol ng mga kaso sa kani-kanila pong mga komunidad.

At ito pong mga istratehiyang ito ay atin na pong ginawa ito at napatunayan na epektibo sa lumipas na labindalawang buwan po na tinutugunan natin ang pandemic --- COVID-19 pandemic response.

Ngunit sa ngayon, dahil nagtataas na naman po, kailangan talaga mas mabilis, talagang mas enforced ang kanila pong pagsasakatuparan ng mga strategies na ito. Lalo na po 'yong sinabi niyo po, Mr. President, tama po kayo, kailangan talaga sumunod doon po sa ating pagsuot ng face shield, face mask, iyon pong physical distancing at saka 'yong regular na pag-sanitize or disinfect ng mga kamay at mga gamit na madalas pong hawakan.

In fact, Mr. President, and fellow Cabinet members, kung susundin lang po natin ito, ang proteksyon na ibinibigay po nito, Mr. President, is higher. Almost the same or even higher than the vaccinate --- the vaccines. Kaya napakamahalaga po itong ating paalala sa kanila, Mr. President.

So ganoon pa man, iyon din mga binanggit ko na mga variants of concern ay patuloy po na pinaiigting natin ang pagbabantay o pagmamatyag, 'yong surveillance effort to monitor and detect ito pong mga areas of concern or variants of concern, Mr. President.

So, Mr. President, ito lang po ang --- ang akin pong report at handa po akong sumagot sa mga katanungan. Salamat po, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Sir, have you identified the various variants that have emerged from this pan --- ? How --- mga ilan, sir? I --- if I understood you correctly, kung maraming tinatamaan, mas maraming kaso mutation na mangyayari, tao por tao. O 'yan naman mga kababayan ko, 'yan ang pinakadelikado. Eh pagdapo sa isa, lilipat naman sa isang katawan ng tao, maging sariling COVID-19 niya plus 'yong ano ng mag-develop doon sa ila --- katawan ng tao.

Well, we have issued the warning. It's very simple. Wash your hands, wear a mask then social distancing at importante diyan is hugas ng kamay pati 'yong mask especially sa public.

SEC. DUQUE: Sir, mayroon lang po akong nakalimutan, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Yes. Yes, sir.

SEC. DUQUE: With your permission, sir. Iyon pong contact tracing doon po sa mga komunidad na mayroon na po talagang napakataas ng bilang ng COVID cases, kinakailangan din po 'yong contact tracing ay paigtingin, palakasin po ito dahil napakamahalaga po ito bilang isa sa mga hakbang na makakahinto nang hawaan.

Iyong --- we have to cut the chains of transmission and crush the clustering of cases. So iyan pong contact tracing, ang DILG po ang nangunguna sa pag --- sa pagpapatupad po ng contact tracing ng mga local government units. At siguro mahalaga po na buhusan natin ng contact tracers dito po sa Pasay, Malabon, Navotas at Makati, para po mas mabilis po nilang mahinto ang hawaan, ma-identify kaagad po iyong mga exposed doon po sa mga COVID

cases, and through the Oplan Kalinga mai-isolate sila kaagad or ma-quarantine po sa lalong madaling panahon para hindi makapanghawa.

So iyan po ang pakiusap din po natin sa mga ibang ahensya po ng pamahalaan, pagkaisahan po natin ito para ito po magkaroon po tayo ng trend reversal. Imbes na tumaas, at least mapababa po natin ito dahil nga takot din tayo. Iyong mutation potential increases when there is increased transmission.

Salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: We have Charlie? Secretary Galvez.

NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE CZAR CARLITO GALVEZ JR.: Mr. President, I will have a presentation to you on update of the vaccination rollout.

PRESIDENT DUTERTE: Okay.

SEC. GALVEZ: Mr. President; Senator Bong Go; my fellow Cabinet members; magandang gabi po.

[Next slide, please. Next slide, please.]

Iyong briefing po natin po ngayon ay bibigyan po natin nang kaunting pahapyaw po 'yong global update at saka 'yong update po ng ating vaccine rollout. And then also 'yon nga pong update natin sa negotiation at saka 'yong mga indicative deliveries po natin, Mr. President.

[Next slide, please.]

So kung makikita po natin ang ating global vaccination, mayroon na po tayong 300 million plus. At ngayon po, Mr. President, ay tumaas po 'yong tinatawag nating daily rate natin na 7 million.

And then ang nakakatuwa po ay nakasama na po ang Pilipinas sa mga numero at mayroon na po tayong more or less 44K (44,000) na doses na na-administered. At 'yong ating doses ay na-deliver na po sa mga vaccination sites, mga 463,000 plus. I will give you also the details.

So minsan 'yong ano, sir, 'yong mga tinatawag nating mga restrictions sa AstraZeneca, mayroon pong data --- data sa ano, sa UK na nagsasabi na 'yong AstraZeneca jabs prevent 80 percent of hospital admission among over 80 ano --- 80 years old.

So kaya po noong ano noong nagkaroon po tayo ng deliberation sa NITAG ay 'yong ano po 'yong AstraZeneca po ay in-administer po natin sa mga senior healthcare workers po natin. So binigyan po natin sila ng priority.

And then also, France, Sweden and Germany now allowing the use of AstraZeneca for over 65 years after initial restrictions. And then 'yong US din po nag --- nag-ano po nagkaroon na po ng pangatlong kanilang tinatawag na US-made na vaccine, iyong J&J. Nagkaroon na po ta --- nagkaroon na po sila ng tinatawag na tatlong ano --- tatlong vaccine na available po sa kanya.

And then 'yong India, parang nakita po natuto na ano po na --- natutuwa po kami kasi 'yong ating model na tripartite agreement with the private sector, parang 'yong India at saka Indonesia rin po ay halos tumatapat po sa ginagawa po natin. At nakita po natin talaga 'yong private sector ay maganda po ang kanyang magiging --- magiging contribution in order to maximize and accelerate our --- our ano our vaccination program.

And then iyong recent hesitancy po ng ano ng ating mga kababayan sa Sinovac. Noong nagkaroon po tayo ng vaccination ng --- ng ating mga director ng mga hospital, tumaas po ang level ng ano ng kanilang confidence. In fact, doon sa Northern Mindanao Medical Center, almost --- halos 100 percent 'yong ano 'yong nagpapabakuna na.

And also ‘yong last Saturday, sir, dito sa Sta. Rosa, ‘yong lahat po ng civilian doctors ng ano ng QualiMed nagpabakuna na rin po ng Sinovac at saka ng AstraZeneca.

Halos --- halos nga po --- halos araw-araw marami pong nagre-request ng mga vaccine. Ibig sabihin po, Mr. President, talagang tumataas na po ’yong ano ‘yong tinatawag nating uptake o ‘yong tinatawag nating --- tumaas na po ‘yong --- ‘yong kagustuhan ng mga --- ating mga kababayan na magkaroon na po ng --- ng bakuna.

[Next slide, please.]

Kung makikita din po natin na iyong sa mga bakuna na ginagamit sa buong mundo, ‘yong AstraZeneca at saka Sinovac na ginagamit po natin ay top five po ‘yan. Meaning, gusto nating i-assure na ‘yong ating mga kababayan na iyong ginagamit nating bakuna ay ginagamit na rin po sa napakaraming countries.

So sa AstraZeneca po, mayroon pong 67 na approval. Ibig sabihin, 67 na countries na ang nag-approve na puwede po siyang gamitin. At doon po sa Sinovac, mayroon pong 15 countries.

[Next slide, please.]

At kung makikita po natin kung ilang mga bakuna ang ginagamit sa buong --- buong ano, buong mundo, mayroon na pong 120 countries na nagkaroon na po ng adminis --- administration ng vaccine worldwide. At makikita natin nangunguna ang Pfizer with 84 million; and then AstraZeneca, ‘yong ginagamit natin, 46.5 million; ‘yong Moderna, 46 million; ‘yong Sinopharm, sir, ‘yong ano ‘yong Chinese vaccine natin 40 million; and then Sinovac, 36 million; and then Gamaleya, 11.37 million.

So kung makikita niyo po, Mr. President, iyong anim na nauuna ito po iyong kasama sa mga portfolio po natin. Meaning, iyong pinili po natin na mga

bakuna ay ginagamit na po ng mga maraming mga countries dito po sa mga ibang-ibang mga bansa.

[And next.]

Tingnan po natin 'yong ano iyong Sinovac. Iyong Sinovac po naaprubahan na po ng 15 countries, four of which are not recommending for elderly population. So tayo po ang hindi na gumagamit sa elderly population, China, Thailand, and Chile.

Kung makikita natin po iyong Sinovac ay ginagamit po ng 15 countries at anim po doon sa Sinovac ay six Southeast Asian countries po ang gumagamit kasama na po ang Thailand, kasama na po ang Malaysia, at kasama na po ang Indonesia, at mayroon din pong in-import ang ano po, ang --- ang Singapore.

[Next slide, please.]

So sa ngayon po, dumating po kahapon, Mr. President, iyong 38,400 doses. Ito po iyong pangako sa atin ng ano ng --- ng COVAX na 525 six --- 525,600.

Iyong nauna po kasi natin na ano na natanggap, 'yong 487,000, mayroon pong hindi nakasama doon, parang butal po na 38,400. So iyong binuo na po 'yan ay naging 525,600, iyong original po na tranche na binigay po sa atin. So nabuo na po iyon. So na ano --- na tinanggap po namin kaha --- kagabi po.

Then ngayon, ang total na po ng ating doses na dumating po ngayon is from 600,000 na Sinovac at saka 525,600. So ang total na po mayroon na po tayong 1,125,600 doses at mamaya po ire-report ko po sa inyong --- sa ating mga kababayan, Mr. President, kung nasaan na po 'yong mga almost 1 million na doses po nito.

[Next.]

So nagka-ano po tayo, nagkaroon po tayo ng rollout outside of Metro Manila. So nagsimula po tayo noong March 4 doon po sa Cagayan de Oro, sa Vicente Sotto Memorial Hospital at saka po sa Southern Philippines Medical Center.

Nag-ano rin po tayo sa BARMM. Tuwang-tuwa po sir, Mr. President, ang BARMM kasi nakatanggap din po sila at alam po natin ang Sinovac ay halal po 'yan.

And then nag-ano rin po tayo --- nag-roll out din po tayo sa mga different --- different civilian hospital kasama po ang Makati Medical Center.

[Next.]

And then nagkaroon na rin po tayo ng rollout sa both sa AstraZeneca at saka po ng ang ano ang Sinovac.

So noong last March 6 kahit na po ano --- kahit --- at saka March 7, kahit na po weekend nag --- sumama po tayo mag-roll out. At ang ginawa po ni Secretary Duque po dito 'yong AstraZeneca considering bago 'yan na ano na vaccine natin, kaunti lang po muna ang ating pinatusukan para at least ang tawag po natin doon "calibrated and measured" para makita po natin iyong adverse effect kasi may balita po na medyo mataas ang adverse effect po ng AstraZeneca.

PRESIDENT DUTERTE: Can we ever convince them to get the vaccines for their own good?

SEC.GALVEZ: Yes, sir. I believe 'yong ano sir iyong uptake sir natin from 37, tumaas na po sir ng ano more or less 50 na ngayon, sir. And then pati, sir, iyong ano iyong tinatawag natin, sir, 'yong ano 'yong mga ginagawa po natin sir na rollout because of our successful rollout dahil nakikita natin sir na though medyo calibrated, sir, 'yong ano natin, but we can see iyong ano 'yong ating mga deliveries from the start that we have received 'yong ano 'yong vaccine, naging maganda po eh.

And then nakita po natin ito, iyong lahat po na binibili po natin na mga --- mga vaccine, ito po --- kung makikita niyo po, Mr. President, napakataas ng ano ---- ng tinatawag nating usage nito sa different countries.

Iyong Novavax, sir, this will be a future generation vaccine considering it is also being tested for UK variant at saka po iyong South African variant.

PRESIDENT DUTERTE: So if the vaccines that we have signed now --- the delivery we have signed already, how much or how may all in all do we have by, say, June - July?

SEC. GALVEZ: Sa June - July po, sir, ang...

[Next slide po, sir.]

Sir, ito po ang ano natin, sir, kung makita sir natin sa ating next slide. Ito 'yong indicative deliveries po natin.

So kung June --- June - July, kung sa second quarter, we expect na mayroon tayong ano, sir, nandiyan ang Sinovac at saka 'yong nandiyan din po 'yong COVAX at saka iyong Novavax.

And then also 'yong ano sir sa May - June, baka dumating na rin po 'yong AstraZeneca. Mayroon pong order ang ano ang private sector na 2.6 million.

So nakita po natin baka humigit po tayo ng mga ano mga 20 million po ang ating makukuha between ano --- between the ano April, May, June po, sir, iyong ano 'yong second quarter po.

PRESIDENT DUTERTE: Okay. You know, I'd like to just repeat again the role of the --- the crucial participation or how the enforcement of these laws especially those who do not believe and itong avoiding social distancing.

It is really very important that the DILG plays its role kasi ang gobyerno kasi natin, ganito, ako 'yong pinakaulo. Ang pinakabuntot ko 'yong barangay captain. In the echelon sa ano is the president, the vice president, the cabinet members, then 'yong mga directors ng mga bureau, then after that, you have the mayor, mga konsehal, then barangay. Ang barangay ang pinakaimportante sa lahat and kung talagang ginusto --- kung ginusto ng lahat ng mga barangay captains na magtrabaho, really work at it, baka talagang ma --- well, decrease the number of transmission.

For example, in Manila, kung talagang true to life itong mga barangay captain na ito, 'yong political will nila to see to it that everybody gets the vaccine, minus the one who does not really --- the number, the certain percentage that do not want it.

Mayroon akong listahan dito galing ito sa PDEA. Continuing --- continuous ang away nito. So sabi ko nga, until the end of my term, 'yan lang ang trabaho ko, gagawin ko.

Itong sa PDEA, ang napaalis sa trabaho, ibig sabihin huwag na kayong maniwala na itong mga g*** na ito at bantayan ninyo at baka ito na naman ang mag-umpisa ng droga. Iyan ang nasanayan nilang trabaho at I see a very strong urge on their part to get money at alam nila pera 'yan, sila nanaman ang papalit. Oh well, papalit kayo, isipin mo lang na sa --- one life to live. Importante 'yang ma --- isang beses ka lang dumaan dito. After that, wala ka na. So one life to live ka.

So you make a choice, ngayong naalis ka na sa trabaho then find a good job / work or if all at best, magnegosyo ka na lang kung may pera ka. May pera ka na kasi alam mo itong mga ito, mga either extortion o kung ano-ano na lang.

Ito sila hindi na ito PDEA ha at kayong nakaalam niyan. Sabihin mo sa kanila itong binabasa ko na huwag kayo dito sa barangay magloko. At kung may makita kayo na misteryoso, report mo kaagad sa pulis or sa military.

Ang pangalan is, first is: Francis Raymond R. Ogoy - Intelligence Officer. Grace misconduct; punishment – dismissal.

Aristeo Villamor Jr. - Intelligence Officer I. Grave misconduct at noong in-examine sila, positive sa droga --- drug use.

Ang pangtatlo is: Roger G. Junio - Intelligence Officer II. Ito grave misconduct tapos tested positive for drug use.

Ito si Joseph Abenir - Administrative (Aide) VI. Grave misconduct, ganoon rin tested positive for drug use.

Theodore Barte - Intelligence Officer. Grave misconduct, dismissal. Lahat ito na-dismiss.

So itong mga tao na ito bantayan ninyo kasi ito 'yong gagawa ng mga milagro kung wala na lalo na sanay ng extortion, panghingi-hingi. Tapos hulihin 'yong mga... Hindi masyado dito. Ang iba ganito 'yan eh.

Iyong sa pulis, ang kalokohan nila diyan is kung makahuli sila ng drug kagaya natin, limang kilo**,** isang kilo lang ang report nila tapos ‘yong apat bitawan uli doon sa publiko, sa community. Ganoon.

May nangyayari, maraming cases nangyayari ‘yan. Dito sa ano malalaking mga generals pa. Kaya ako ‘yong piling-pili talaga ‘yan ‘yong mga tao na police officers dito lalo na sa Maynila, na talagang nagtatrabaho nanggaling puso to protect the people.

So ngayon, binabantayan namin kasi there’s a big increase sa COVID --- COVID na naman ito. So… Kasi noong mga holidays, dikit-dikit nga ang tao. Ito na ‘yong ngayon. Ito, ito na ngayon ang resulta, nagtaas na kasi you abandoned the protocols, that’s number one.

Kasi kung magmaskara ka lang tapos may face shield ka, imposible na mahawa ka. Kung hindi --- huwag mo lang gamitin ‘yang kamay mo sa mukha mo. Iyan ang ano. Lahat, I said, even in the inanimate ‘yong walang buhay, kahoy ganon, didikit rin ‘yan. May mag-iwan ‘yan tapos makuha mo.

So ‘yan lang ang payo namin sa inyo. Wear masks, wash hands, observe distance --- distance na… At kung sakali na ano may malaman ka na medyo --- magpalayo ka na kaagad, magpalayo ka na.

Maniwala kayo sa gobyerno, sumunod lang kayo. Iyan ang sikreto diyan. Hindi para sa --- hindi para sa ibang tao ‘yan, para sa iyo at para sa ibang tao kasi hawain mo. Without knowing it, maybe asymptomatic ka, you pass on your… Eh kung ang hygiene mo sa labas mabuti, may maskara ka, social distancing and washing of the hands, alcohol.

Sabi ko nga sa inyo magpunta na kayo sa gasolinahan, hindi ako nagpapatawa. Iyong pagtubil (gas up) na may maiwan talaga ‘yan kakaunti pagtapos pag-pump diyan sa sakyan, mayroon ‘yan. ‘Di maghingi ka lang, sabihin mo, “Maghugas lang ako ng…”

Then do not play your hands on your face because the virus can enter sa mata, sa ilong, pati sa bunganga. Iyan ang COVID-19. At kung maglipad ‘yan sa iba’t ibang tao, sa isang tao mag-iba ang anyo. Depende sa tao eh. May sarili tayong chemistry sa loob ng katawan na ‘pag pumasok ‘yan sa isa, magkaroon ng sariling mutation ‘yan o bagong anak, iba na ang itsura.

Tapos ganoon, mapasa niya doon sa iyo, iba rin ‘yong iyo, so we have this variant. Malakas ito.

We’re trying to find out a way of effectively combating this new development sa mga variants sa COVID-19. Sana, sana kung makatulong lang kayo sa bayan, sumunod lang kayo at medyo mapababa natin ang kaso ng COVID.

Wala naman kami sigurong ibang ano, eh… Magpaalam lang kami at we’ll see in the next Cabinet meeting. We will share with you, kagaya ito open.

At ulit-ulitin ko uli, hindi kami mag --- hindi kami nagkakamali kasi trabaho namin ‘yan. Bayad kami diyan. At kung bayad kami diyan, ano man gawin namin dito sa pagbabayad ninyo, mag-upo lang?

‘Di kung ano ‘yong mandate ng batas eh kasi kami ang inyong hinalal, eh ‘di sumunod kayo kasi ito para man sa lahat, para man sa inyo. Hindi man ito para sa amin. Para sa amin in the sense na baka matamaan kami.

Well, sa trabaho namin kagaya ng mga doktor, karaming doktor namatay ngayon sa COVID. At no other time na marami akong kilalang mga tao na namatay. Noon, once every two years lang, “Oh namatay na ‘yong ano mo kaibigan mo.” Ngayon, tsk, weekly.

Pati ‘yong --- ang masakit pa sa akin ‘yong mga mag-asawa kasi magkatabi palagi eh. Pagtulog, pagkain, lahat. Ngayon kung matamaan ‘yong isa, eh ‘di madali na rin ‘yon magkasakit iyong partner.

Ang problema niyan bantay kayo kasi may mga anak. Ang mga bata hindi masyado ano lumalaban ang ano eh, katawan nila. Pero tayong matatanda be careful because we might not be able to make it.

Sabi nga basta ang sabi ko itong washing of the hands, social distancing and mask. It’s your life. You only live once.

Kung ready ka na kung saan pumunta, kung totoo man ‘yong impiyerno pati langit, eh ‘di mamili ka na doon. Kung anong nasa pinaglakihan mo na relihiyon at may ganoon, eh ‘di ready ka because, I said, you have only one life to live so please guard yourself.

Maraming salamat po. *[applause]*

--- END ---